# Karaniwan Pananakit ng Likod

**Maraming mga pasyente ang may kumbinasyon ng pananakit ng likod, pananakit ng binti, pamamanhid ng binti at panghihina. Ang mga sintomas na ito ay maaaring nakababahala para sa iyo ngunit hindi naman nangangailangan ng emerhensiyang medikal na atensyon. Ang isang bihirang ngunit malubhang sakit sa likod, ang Cauda Equina Syndrome, ay maaaring mauwi sa permanenteng pagkalumpo o kapansanan at kakailanganing makita ng isang pang-emergency na Spinal na Espesyalista . Tignan ang kabilang bahagi ng kard para sa ilang senyales o babala ng Cauda Equina Syndrome.**

MACP MUSCULOSKELETAL ASSOCIATION OF CHARTERED PHYSIOTHERAPISTS

DynamicHealth

NHS Bolton NHS Foundation Trust

uclan University of Central Lancashire

# Cauda Equina Syndrome Warning Signs

- Pagkawala ng pakiramdam / pangingimay sa pagitan ng iyong panloob na hita o ari
- Pamamanhid sa loob at paligid ng iyong anus o puwit
- Kakaibang sensasyon kapag gumagamit ng toilet paper para punasan ang iyong sarile
- Napapansin ang progresibong kahirapan sa pag-ihi
- Napapansin ang progresibong kahirapan pigilin o kontrolin ang iyong daloy ng ihi
- Pagkawala ng pakiramdam kapag naiihi ka
- Pagtagas ng ihi, o kamakailangan pagamit ng pads.
- Hindi alam kung ang iyong pantog ay puno o walang laman
- Kawalan ng kakayahang huminto sa pagdumi o pagtagas
- Pagkawala ng pakiramdam kapag nadudumi ka
- Pagbabago sa kakayahang makamit ang ereksyon o edyakulasyon
- Pagkawala ng sensasyon sa maselang bahagi ng katawan sa panahon ng pakikipagtalik

**Anuman kombinasyon humingi agad ng tulong**